

**Ang pangangalaga sa Blue Whales at Blue Skies ay isang  
pagtutulungan  
para sa mas malinis na hangin, mas ligtas na balyena at  
mas payapang mga karagatan**



Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Monterey Bay
Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Cordell Bank National	National Marine Sanctuary Foundation
Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area	Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Greater Farallones	Volgenau Foundation

**ILALABAS KAAGAD**  
Marso 1, 2018

**Mga Kokontakin:**

Mary Byrd, Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County, 805-961-8833  
 Sean Hastings, Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands, 805-705-1790  
 Mike Villegas, Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County, 805-645-1440  
 Shannon Yee, National Marine Sanctuary Foundation, 202-870-0387  
 Lisa Fasano, Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, 415-749-5170

**Labing-isang pandaigdigang mga kumpanya ng barko ang binawasan ang bilis ng barko sa 2017 na programa para pangalagaan ang mga asul na balyena at asul na kalangitan  
Nakabawas ang programa ng mahigit 80 tonelada ng inilalabas na bumubuo ng smog**

SANTA BARBARA, Calif. — Ngayong araw, inanunsyo ng mga katuwang sa inisiyatibang bawasan ang pagpaparumi sa hangin at pangalagaan ang mga balyena ang mga resulta mula sa 2017 na programa at kinilala ng publiko ang lumahok na 11 kumpanya ng barko, na binagalan ang bilis sa 12 knot o mas mababa sa dalawang rehiyon. Para sa unang pagkakataon, isinama ng programa ang mga zone na kailangang bawasan ang bilis ng barko sa San Francisco Bay Area bilang karagdagan sa rehiyon ng Santa Barbara Channel. Ang boluntaryong programa ng insentibo ay nagsimula noong Hulyo 1 at natapos noong Nobyembre 15, 2017. Ang pagdiriwang ng pagkilala na iho-host ng National Marine Sanctuary Foundation ay gaganapin ngayong araw sa Bannings Landing Community Center malapit sa Daungan ng Los Angeles at Daungan ng Long Beach.

Pinatunayan ng datos mula sa Sistema ng Awtomatikong Pagkilala (Automatic Identification System, AIS) para sa mga bilis ng barko sa programa na mahigit 140 paghahatid ang naging matagumpay sa pagbabawas ng bilis sa 12 knot o mas mababa, at mahigit sa kalahati ng mga ito ang naging matagumpay sa pagkamit ng bonus na insentibo para sa pagbagal sa 10 knot o mas mababa. Nabawasan ng programa ang 83.5 toneladang inilalabas na nitrogen oxides (NOx), na isang nagpaparumi sa hangin na bumubuo ng smog, at 2,630 metrikong tonelada ng mga greenhouse gas.

Bilang karagdagan, 75 porsiyento ng mga paghahatid na nagbiyahe sa pagitan ng dalawang rehiyon na kailangang mabagal ang takbo ng barko ay hindi bumilis sa baybayin sa pagitan (kung saan walang ibinigay na insentibo), kumpara sa nakaraang pangunahing bilis ng 2016-2017 para sa bahagi na iyon; 60 porsiyento ang nagbiyahe nang mas mabagal kaysa sa kanilang karaniwang mga pangunahing bilis.

Ang mga barko ang bumubuo sa mahigit 50 porsiyento ng inilalabas na NOx sa Santa Barbara County, mahigit 25 porsiyento ng inilalabas na NOx sa Ventura County, at mahigit 17 porsiyento ng inilalabas na NOx sa rehiyong may walong county ang kinatawan ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area. Ang mga pagwewelga ng barko ay malaking banta rin sa pagbawi sa nanganganib na populasyon ng balyena, kabilang ang mga balyenang asul, humpback at fin. Ang pagbagal ng mga bilis ng barko ay binabawasan ang pagpaparumi sa hangin at ingay sa dagat, at nakitang nabawasan ang panganib ng nakamamatay na pag-atake sa mga balyena.

Ang mga sumusunod na kumpanya ng barko ay lumahok sa 2017 na programa ng insentibo para sa pagbawas sa bilis ng sasakyang pandagat (vessel speed reduction, VSR): CMA CGM; Evergreen; Hamburg Sud, Hapag Lloyd, Hyundai, K Line, Maersk, Matson, MSC (Mediterranean Shipping Company); NYK (Nippon Yusen Kaisha) Ro-Ro Division, at Yang Ming. Ang programa ay isang pagtutulungang pagsusumikap ng lahat ng ahensiya at organisasyong nakalista sa itaas.

"Ipinapakita ng pagpapalawak ng programa para sa pagbawas ng bilis ng sasakyang pandagat noong 2017 na maaaring magkasamang magtulungan ang negosyong pandagat at pangangalaga ng dagat kapag nagtutulungan ang industriya ng barko, mga NGO at ang pamahalaan," ang sabi ni Chris Mobley, Superintendent ng Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands ng Pambansang Pangasiwaan ng Dagat at Atmospera (National Oceanic and Atmospheric Administration, NOAA).

"Ang aming mga pambansang santuwaryong pandagat ay nagbibigay ng mga pagkakataong bumuo ng mga makabagong pagtutulungan para sa pangangalaga ng tubig na nangangalaga sa mga bihirang hayop at ang mga lugar na tinatawag nilang tahanan," ang sabi ni Kris Sarri, Presidente at CEO ng National Marine Sanctuary Foundation. "Ang boluntaryong programa ng pagbabawas ng bilis ng sasakyan pandagat ay isang halimbawa kung paano tayo makakagawa ng magagandang benepisyo para sa pangangalaga at sa kalusugan ng mga komunidad sa dagat sa pamamagitan ng panghihikayat sa mga kumpanya ng barko na bawasan ang pagkamatay ng balyena mula sa mga pagwewelga ng barko at pagpapaganda ng kalidad ng hangin para sa mga bata habang pinapanatili ang negosyo."

Ang mga insentibo ay mula \$1,000 hanggang \$2,500; nagbigay ng bonus na \$250 kung bumagal ang barko sa 10 knot o mas mababa, na itinuturing na mas pangangalagaan ang mga balyena. Para sa unang pagkakataon, sinuri ang datos para sa bahagi sa may baybayin ng California sa pagitan ng dalawang rehiyon na binawasan ang bilis.

Kabilang sa mga itinatampok ng 2017 na programa kumpara sa 2016 na programa ang:

- Ang 2017 na programa ay isang pagtutulungan ng tatlong distrito ng hangin at apat na pambansang santuwaryong pandagat sa baybayin ng California, habang ang 2016 na programa ay isang pagtutulungan ng dalawang distrito ng hangin at isang santuwaryo;
- Ang 2017 na Programa ay nagbigay ng salaping insentibo para sa 143 mabagal na paghahatid, na halos triple ng bilang ng mga paghahatid na binigyan ng insentibo noong 2016 (50 paghahatid);
- Ang 2017 na programa ay nahigitan ang tripleng pagbawas sa inilalabas kumpara sa 2016 na programa.

Sinabi ni Mike Villegas, na Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Distrito para sa Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County na, “Ang paglahok ng mga kumpanya ng barko na ito ay ipinapakita na ang boluntaryong programa ng insentibo ay maaaring bawasan nang malaki ang mga inilalabas sa isang sulit na paraan. Dagdag pa rito, ang mga pagbawas sa nitrogen oxides ay malaking hakbang para matugunan ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng estado at pederal para sa ozone sa lupa sa Ventura County. Ang patuloy na pagsasakatuparan ng boluntaryong programa para sa pagbawas ng bilis ng sasakyang pandagat ay may mataas na prayoridad para sa aming ahensiya.”

“Ipinagmamalaki naming makipagtulungan sa lahat ng organisasyon sa programa para sa pagbawas ng bilis ng sasakyang pandagat para sa mga Asul na Balyena at Asul na Kalangitan,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District ng Bay Area. “Itinatampok ng pagtutulungan ng maraming ahensiya at pagsusumikap ng baybayin ang epekto na maaari nating maidulot kapag nagtulungan tayo sa ating iba't ibang layunin, ngunit maghahanap ng napagkasunduang solusyon na kapaki-pakinabang.”

“Patuloy na gaganda ang programang ito kung mas maraming ahensiya at katuwang sa industriya ang magtutulungan para sa parehong mga layunin,” ang sabi ni Aeron Arlin Genet, Direktor ng Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County. “Kitang-kita noong 2017, matagumpay naming napalawak ang programa sa dalawang lugar kung saan kailangang mabagal ang takbo ng bapor at nakakuha ng nabawang polusyon sa baybayin ng California sa mga bahagi ng Pampang ng Santa Barbara at Bay Area. Umaasa kami sa makakamit ng isang programa para sa buong baybayin ng California.”

Tinutukoy ng mga katuwang ang mga pagkukunan ng pondo at nagsusumikap upang bumuo ng isang 2018 na programa ng insentibo para sa VSR. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa <http://www.ourair.org/air-pollution-marine-shipping>.

###